# Pagbabahagi ng mga Katotohanan ng Ebanghelyo nang May Pagmamahal at Sensitibidad

**Magturo ng katotohanan nang may pagmamahal.** Bagama't hindi natin kailangang humingi ng paumanhin o maging hindi komportable sa pagbabahagi ng ating mga paniniwala, sa hangarin nating maging matapang maaaring kung minsan ay nakikipag-usap tayo sa mga paraang hindi kinakakitaan ng pagmamahal. Maaari kang manalangin para matulungan ka na maipakita mo ang iyong pagmamahal sa iyong kapwa habang nagbabahagi ng mga katotohanan ng ebanghelyo. Maaari mong itanong sa iyong sarili, *Paano ko maibabahagi ang katotohanang ito nang may kabaitan at pagmamahal?*

**Makinig upang makaunawa.** Pagsikapang mabuti na maunawaan ang mga kalagayan, opinyon, at pananaw ng iba. Kilalanin na maaari nilang makita ang turo, tanong, o isyu ng ebanghelyo ayon sa nauunawaan nila na naiiba sa iyo. Maaari mong itanong sa iyong sarili, *Ano ang alam ko tungkol sa taong ito na makakaimpluwensya sa paraan kung paano ko ibabahagi ang katotohanang ito?*

**Maging mapagpakumbaba at magalang.** Tukuyin at kilalanin kung hanggang saan ang kaya mong maunawaan. Isipin kung ano ang inihayag at hindi inihayag ng Panginoon. Tulutan ang iba't ibang paraan ng paggamit ng mga tunay na alituntunin. Magpakita ng paggalang sa iyong kapwa na may ibang mga paniniwala at pananaw. Isiping itanong sa iyong sarili, *Paano ko igagalang ang aking kapwa na may ibang mga pananaw at pagkaunawa tungkol sa katotohanang ito ng ebanghelyo?*

**Magturo ng katotohanan nang may pagmamahal.** Bagama't hindi natin kailangang humingi ng paumanhin o maging hindi komportable sa pagbabahagi ng ating mga paniniwala, sa hangarin nating maging matapang maaaring kung minsan ay nakikipag-usap tayo sa mga paraang hindi kinakakitaan ng pagmamahal. Maaari kang manalangin para matulungan ka na maipakita mo ang iyong pagmamahal sa iyong kapwa habang nagbabahagi ng mga katotohanan ng ebanghelyo. Maaari mong itanong sa iyong sarili, *Paano ko maibabahagi ang katotohanang ito nang may kabaitan at pagmamahal?*

**Makinig upang makaunawa.** Pagsikapang mabuti na maunawaan ang mga kalagayan, opinyon, at pananaw ng iba. Kilalanin na maaari nilang makita ang turo, tanong, o isyu ng ebanghelyo ayon sa nauunawaan nila na naiiba sa iyo. Maaari mong itanong sa iyong sarili, *Ano ang alam ko tungkol sa taong ito na makakaimpluwensya sa paraan kung paano ko ibabahagi ang katotohanang ito?*

**Maging mapagpakumbaba at magalang.** Tukuyin at kilalanin kung hanggang saan ang kaya mong maunawaan. Isipin kung ano ang inihayag at hindi inihayag ng Panginoon. Tulutan ang iba't ibang paraan ng paggamit ng mga tunay na alituntunin. Magpakita ng paggalang sa iyong kapwa na may ibang mga paniniwala at pananaw. Isiping itanong sa iyong sarili, *Paano ko igagalang ang aking kapwa na may ibang mga pananaw at pagkaunawa tungkol sa katotohanang ito ng ebanghelyo?*

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

© 2023 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved.

PD80010414_893_30